Ordinansa sa Seguridad sa Pangangalagang Pangkalusugan

>> Pagpapatuloy mula sa nakaraang pahina

- Ang pinakamaliit na Gugulin ng Employer na Inuutos (Employer Spending Requirement) ay kinakalkula sa pamamagitan ng pagmultiplika ng bilang ng oras na binayad sa bawat Nasasakupang Kawani (Covered Employee) sa panahon ng quarter na angkop sa Halaga ng Gastusin sa Pangangalagang Pangkalusugan (Health Care Expenditure Rate) sa ibaba:

MGA HALAGA NG PAGGUGOL SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN, 2008-2012						
Laki ng Negosyo		2008	2009	2010	2011	2012
Malaki	100 + Kawani	$1.76/oras	$1.85/oras	$1.96/oras	$2.06/oras	$2.20/oras
Katamtaman	20-99 Kawani	$1.17/oras	$1.23/oras	$1.31/oras	$1.37/oras	$1.46/oras
Maliit	1-19 Kawani	Hindi Angkop				

**Hindi saklaw ang mga non-profit na mayroong mas mababa sa 50 kawani*

MGA KARAGDAGANG PANANAGUTAN NG EMPLOYER

- Ang inyong pinakamaliit na gastusin na inaatas sa pangangalagang pangkalusugan ng kawani ay dapat matupad sa loob ng 30 araw pagkaraan ng dulo ng bawat quarter
- Bilang isang employer, dapat ninyong subaybayan at iulat taontaon ang inyong ginastos sa pangangalagang pangkalusugan, at itago ang lahat ng mga may-kaugnayang talaan nang hindi bababa sa apat na taon
- Labag sa batas ang diskriminasyon sa anumang paraan o gumawa ng salungat na pagkilos laban sa sinumang tao bilang ganti para sa pagtupad ng mga karapatang protektado sa ilalim ng batas na ito

PARA SA HIGIT NA IMPORMASYON

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Ordinansa sa Seguridad sa Pangangalagang Pangkalusugan (Health Care Security Ordinance), mangyaring bumisita sa website ng OLSE: **www.sfgov.org/olse/hcso** o tumawag sa amin sa **(415) 554-7892**

Pagsusuring Muli sa mga Batas sa Paggawa ng San Francisco

MGA BATAS SA PAGGAWA NG S.F.	SAKOP NA MGA EMPLOYER	HIGIT NA IMPORMASYON
Ordinansa sa Pinakamaliit na Sahod (Minimum Wage)	Sinumang employer na may mga kawaning nagtratrabaho ng kahit dalawang oras ng trabaho sa isang linggo sa San Francisco	www.sfgov.org/olse/mwo o (415) 554-6292
Ordinansa sa Paid Sick Leave	Sinumang employer na may mga kawani, kabilang ang mga part-time at pansamantalang kawani, na nagtratrabaho sa San Francisco	www.sfgov.org/olse/hcso hoặc (415) 554-6271
Ordinansa sa Seguridad sa Pangangalagang Pangkalusugan	Para sa mga negosyanteng employer na may 20 o higit pang mga kawani, at sa mga non-profit na mga employer na may 50 o higit pang kawani	www.sfgov.org/olse/hcso o (415) 554-7892

SAN FRANCISCO OFFICE OF LABOR STANDARDS ENFORCEMENT

Malusog na mga Manggagawa. Malusog na Ekonomiya.

Ang San Francisco Office of Labor Standards Enforcement (OLSE) ay may pananagutan para sa pagpapatupad ng mga batas sa paggawa na pinagtibay ng lokal na mga botante, Alkalde, at ng San Francisco Board of Supervisors.

Ang OLSE ay aktibong nagsasagawa ng pagtuturo sa mga employer at kawani tungkol sa mga inaatas ng mga batas sa paggawa ng San Francisco, nagsisilbi bilang pantulong sa mga nangangailangan ng karagdagang impormasyon at tulong upang sumunod.

Ordinansa sa Pinakamaliit na Sahod

Ang Ordinansa sa Pinakamaliit na Sahod sa San Francisco ay naglalarawan ng pagtatalaga ng Lungsod sa lahat ng mga miyembro ng kanyang mga manggagawa.

ANG MGA PAMANTAYAN SA PINAKAMALIIT NA SAHOD NG SAN FRANCISCO

- Ang halaga ng pinakamaliit na sahod (minimum wage rate) sa 2012 ay $10.24 bawat oras
- Tuwing Enero 1 ng bawat taon, ang Lungsod ay isasaayos ang pinakamaliit na sahod (minimum wage) upang makaagapay sa implasyon
- Lahat ng mga kawani na nagtratrabaho sa San Francisco nang mahigit sa dalawang oras bawat linggo, kabilang ang mga part-time o pansamantalang kawani, ay karapatdapat sa pinakamaliit na sahod sa San Francisco.

MGA KARAGDAGANG PANANAGUTAN NG EMPLOYER

- Lahat ng employer ay dapat magpaskil ng pasabi na ipinagkaloob ng OLSE, na isinalin sa anim na wika, na ipinagbibigay-alam sa mga kawani ng kanilang mga karapatan
- Ang mga employer ay dapat magdokumento ng lahat ng oras ng paggawa ng mga kawani at itago ang mga talaang ito sa loob nang hindi bababa sa apat na taon
- Labag sa batas ang diskriminasyon sa anumang paraan o gumawa ng salungat na pagkilos laban sa sinumang tao bilang ganti para sa pagtupad ng mga karapatan na protektado sa ilalim ng batas na ito.

Ang halaga ng pinakamaliit na sahod (minimum wage)
năm 2012
$10.24
bawat oras

PARA SA HIGIT NA IMPORMASYON

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Ordinansa sa Pinakamaliit na Sahod (Minimum Wage Ordinance), mangyaring bumisita sa website ng OLSE: **www.sfgov.org/olse/mwo** o tumawag sa amin sa **(415) 554-6292**

Ordinansa sa

Ang pagpapanatili sa mabuting kalagayan ng mga empleyado at kanilang mga pamilya ay tumutulong sa mabuting pagpapatakbo ng mga negosyo sa San Francisco.

Para sa bawat **30 oras ng paggawa,** ang kawani ng ay kumikita ng isang oras ng

ANG MGA BATAYAN NG

- Ang mga kawani sa San Francisco, kabilang ang mga part-time at pansamantalang kawani, ay binibigyang karapatan sa pagbabayad ng oras na wala sa trabaho (paid time off) kung sila ay maysakit o kailangan ng pangangalagang medikal, at mangalaga para sa miyembro ng kanilang
- Para sa bawat 30 oras ng paggawa, ang kawani ay nagkakaroon ng isang oras ng paid sick leave, at maaaring magkaroon ng hanggang sa 40 o 72 oras ng paid sick leave na naipon sa anumang oras (40 oras para sa mga employer na may kawaning mas mababa sa 10, 72 oras para sa mga employer na may 10 o mahigit pang kawani)
- Kung hindi gamitin ng mga kawani ang oras ng pagkakasakit na kanilang naipon, ang naipong oras ng pagkakasakit ay idaragdag taon-taon
- Ang mga kawaning nagsimula ng trabaho mula o bago ng Pebrero 5, 2007 ay nagsimulang maipon ang paid sick leave sa petsang ito; ang mga kawaning nagsimulang nagtrabaho pagkaraan ng Pebrero 5, 2007 ay magsisimula ang pag-iipon ng paid sick leave sa 90 araw pagkaraan ng kanilang unang araw ng pagpasok sa trabaho
- Ang mga employer ay maaaring mangailangan ng sulat sa doktor o iba pang pagpapatunay pagkaraan ng paggamit ng paid sick leave ng kawani kung mahigit

MGA KARAGDAGANG PANANAGUTAN NG

- Lahat ng employer ay dapat magpaskil ng pasabi na ipinagkaloob ng OLSE, na isinalin sa anim na wika na ipinagbibigay-alam sa mga kawani ang kanilang mga karapatan
- Ang mga employer ay dapat magdokumento ng mga oras ng paggawa at paid sick leave na nakuha ng mga empleyado at itago ang mga talaan sa loob nang hindi bababa ng apat na taon.
- Labag sa batas ang diskriminasyon sa anumang paraan o gumawa ng salungat na pagkilos laban sa sinumang tao bilang ganti para sa pagtupad ng mga karapatan na protektado sa ilalim ng batas na ito.
- Ang mga employer ay may pananagutan para sa pagpapahintulot sa mga kawani na walang asawa rehistradong maybahay na pumili ng taong hinirang.

PARA SA HIGIT NA IMPORMASYON

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Ordinansa sa Paid Sick Leave, mangyaring bumisita sa website ng OLSE: **www.sfgov.org/olse/pslo** o tumawag sa amin sa **(415) 554-6271**



Ordinansa sa Seguridad sa Pangangalagang Pangkalusugan

Nauunawaan ng San Francisco na ang malusog na mga manggagawa ay isang kapakipakinabang na mga mangagawa.

MGA BATAYAN SA ORDINANSA SA SEGURIDAD SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN

- Ang HCSO ay inaatasan ang mga Sakop na mga Employer (para sa negosyanteng mga employer na may 20 o higit pang kawani at non-profit na mga employer na may 50 o higit pang mga kawani) na gumugol ng pinakamaliit na halaga ng pera (itinakda ng batas) sa pangangalagang pangkalusugan ng kanilang Sakop na Kawani (Covered Employee)
- Na may ilang eksepsiyon, ang mga kawani na nagtratrabaho nang kahit 90 araw at gumanap ng kahit 8 oras ng trabaho sa San Francisco bawat linggo ay Sakop na mga Kawani (Covered Employees) sa ilalim ng batas na ito
- Ang mga employer ay makakapili kung paano gagawin ang mga gastusin sa pangangalagang pangkalusugan (hal. pagkuha ng seguro sa kalusugan, pagtatatag ng mga account sa paggastos sa kalusugan, pagtatala sa mga kawani sa programa ng Lungsod na Malusog (Healthy) ng San Francisco)

Ipagpapatuloy sa susunod na pahina >>

Ang halaga ng Gugulin ng Employer na Inuutos
sa 2012,
20-99 kawani:
$1.46
bawat oras

Ang halaga ng Gugulin ng Employer na Inuutos
sa 2012,
100 + kawani:
$2.20
bawat oras